



PROLOGUE

Alam ni Dennis Lee na noong una pa lang siyang ngitian ni Eloisa delos Santos, dapat ay nagduda na siya.

She was the most beautiful, most popular girl in school. Why would she notice him? He was a nobody.

Or at least he *was* a nobody to *her*.

Sigurado nang ga-graduate na valedictorian si Dennis sa Abril. Natanggap na rin siya sa lahat ng in-apply-an niyang kolehiyo, at nakapagdesisyon na siyang sa *Ateneo de Manila* papasok at kukuha ng kursong *Interdisciplinary Studies*.

Gaya ng mga kapatid at mga pinsan, miyembro siya ng glee club. Varsity team captain din siya ng track and field. Pero sa kabila ng mga accomplishments na iyon at kahit mula kinder ay magkaklase sila ng babae, ni minsan ay hindi siya nilapitan ni Eloisa.

Noon lang, noong araw na iyon, isang buwan

na ang nakakalipas, nang para siyang nakakita ng pagningning ng mga bituin dahil ngumiti si Eloisa sa kanya at nakisuyong abutin niya ang isang libro mula sa isa sa mga top shelves ng school library.

Dapat nagduda na rin siya nang makita niyang tungkol sa Mozambique ang librong ipinaabot nito sa kanya. Wala siyang maisip na dahilan kung bakit magbabasa ito tungkol sa bansa na iyon.

Nag-usap sila. At kahit noong una ay nautal-utal siya sa nerbyos, naging komportable naman siya sa babae na nasabayan pa niya ito palabas ng library at naihatid pa sa parking lot kung saan naghihintay ang sundo nito.

Kinabukasan, nagkasalubong sila sa corridor at inaya siya nitong sabayan itong mag-lunch. Nakaipon din siya ng sapat na lakas ng loob na ayain itong lumabas para manood ng sine.

He had kissed her that night on their first date. For him, it was like touching light. He swore he saw all the stars in the sky appear brighter than they ever did before for him dahil first kiss nila ni Eloisa.

Nang maghiwalay sila nang gabing iyon, girlfriend na niya ito, at hindi pa sila naghihiwalay muli.

Hanggang ngayong gabi. Natapos din ang masayang panaginip niya nitong nagdaang buwan. Nagising na siya.

Narinig kasi niyang kino-congratulate ng mga kabarkada nito ang babae na naging sila at nadala siya nitong date sa prom. Gaya ng isang cliché,

nakipagpustahan pala ito tungkol sa damdamin niya. She had won ten thousand pesos from her friends, and had proven that, despite his academic achievements and his grades, isa palang malaking tanga si Dennis.

Dinukot na niya ang susi ng kotse mula sa bulsa ng pantalon niya saka siya nagmadaling lumabas ng hotel. Narinig niyang tinawag siya ni Eloisa pero hindi siya huminto. Sa halip, binilisan pa niya ang lakad.

“Den! Dennis!”

Hinablot nito ang braso niya at nilingon niya ang babae. At the start of the night she had been the most beautiful girl in the world. Ngayon...

He sighed. Ngayon, maganda pa rin ito.

Tiningala siya ng dalaga na may pagsusumamo sa mga mata. “I’m so sorry. Please let me—”

Tinigasan na lang niya ang puso at nagkibit-balikat siya. “Huwag kang mag-sorry,” sabi niya. “Dapat alam ko naman nang ‘yun lang ang dahilan kung bakit mo ‘ko sasagutin eh, pustahan.”

“Den—”

Pinilit niyang panatilihing kalmado ang boses. Ayaw niyang ipakita kung gaano talaga siya kaapektado sa ginawa nito. He wasn’t going to give her that power.

“Kung kailangan mo ng pera, sana sinabi mo na lang sa ‘kin. I could have given you the ten thousand na mapapanalunan mo kapag naging date mo ako dito.”

Hindi na nagsalita si Eloisa. Pinagmasdan na lang siya nito gamit ang mga matang basa na sa luha.

Umiling si Dennis at tinalikuran na ito. Ang dami niyang gustong sabihin pero pinili niyang itikom ang bibig. Wala namang mabuting maidudulot kung ilabas niya rito ang sama ng loob niya.

Binuksan niya ang pinto ng kanyang sasakyan pero huminto bago siya makasakay. Sinundo kasi niya si Eloisa kanina. Kahit galit na galit siya rito, hindi niya ito maiwan nang walang maghahatid dito pauwi.

Tumingala siya sa langit para takpan ang frustration, at itinutok ang mga mata sa mga bituin na kumikinang sa langit. He had always associated Eloisa with the stars. They were both bright and beautiful and fascinating. And she was his light. She had always been his light.

Mapait siyang ngumiti dahil naisip niyang maganda man sa malayo ang mga bituin, ang katotohanan ay malalaki lang naman silang bola ng gas.

“May masasabayan ka ba pag-uwi mamaya?” tiim-bagang niyang tanong.

“What?” Nanginginig ang tinig nito.

Nilingon na niya ang babae. “Mamaya? May puwede ka bang sabayan pauwi?”

Umiling si Eloisa at pinunasan ang mga pisngi.

He blew out a breath. “Get in the car. Ihahatid

na kita sa bahay n'yo.”

Agad itong lumapit sa kotse niya saka sumakay sa passenger seat. Bumuntong-hininga siya at sumakay na rin.

“Seatbelt.”

“Dennis, I’m really—”

“Don’t,” he told her sharply. Unti-unti nang lumalabas ang galit niyang pilit pa rin niyang pinipigilan. “Ihahatid kita kasi nangako ako sa daddy mo. Hindi kita inalok na sumabay sa ‘kin pauwi dahil gusto kitang kausapin. Wala ka namang puwedeng sabihin para i-justify ang ginawa mo. Wala tayong dapat pag-usapan.”

Pareho silang nanatiling tahimik sa biyahe. Halos hindi siya makahinga sa tensyon sa loob ng sasakyan. Kung hindi lang talaga pinukpok ng mommy niya sa ulo niya na huwag maging gago sa kahit na sino lalo na sa mga babae, iniwan na niya ito sa hotel at bahala na itong umuwi. Pero dahil dakila siyang gentleman, eto siya ngayon, naging driver pa siya.

Inihinto niya sa tapat ng bahay nina Eloisa ang kotse niya. Hindi niya ito nilingon at hindi kinausap kahit pa nadarama niyang nakatingin ito sa kanya.


“I’m really so sorry,” tahimik nitong saad.

Nagngalit lang ang binata ng ngipin. Hindi niya ito pinanood na bumaba ng sasakyan. At nang isara nito ang pinto, agad niyang pinaandar ang kotse. Hindi rin niya ito sinilip sa rear view mirror nang makalayo siya.

Pumasok siya sa paaralan nang sumunod na Lunes na taas-noo at malamig ang mga mata. Sinubukan siyang kausapin ni Eloisa pero kahit hindi siya naging bastos dito, hindi siya nito nakausap nang matino. Kinalaunan ay huminto na ito sa paglapit sa kanya. Hindi na sila muling nag-usap pa.

Lumipat ng Maynila si Dennis matapos ang graduation. Alam niyang sa Maynila rin nag-aral si Eloisa, sa *La Salle*, pero hindi naman na siya nakibalita tungkol dito. Kung hindi na muling magkrus ang mga landas nila, okay lang iyon kay Dennis.

Dahil alam niyang aabutin ng taon bago niya makalimutan ang isang buwan na nagkasama sila ni Eloisa—na habambuhay na niyang magiging first love at first heartbreak.

A decorative wreath frame made of intricate black scrollwork and floral patterns, surrounding the text "CHAPTER 1".

CHAPTER 1

Kinuskos ni Eloisa ang masakit na mga mata habang nakalatag ang mga bills sa harapan niya sa mesa. Sa tapat niya, halos maubos na ang daliri ng kapatid na si Elaine dahil para itong hamster na kumakain ng lettuce sa pagngatngat nito sa sariling kuko habang pinapanood siya.

“Okay.” Bumuga siya ng hangin. “Puwede nating bayaran iyong dalawang buwan na tubig at kuryente, pero kung gusto nating kumain, kailangan na naman nating lambingin si Ate Loida para pumayag na mahuli na naman iyong renta sa bahay.”

Bumuntong-hininga si Elaine at sumandal sa upuan. Pati ito ay napahilamos sa mukha.

“Pero makakapagpadala naman tayo ng pera kay Mommy para sa gamot niya,” masayahin niyang dagdag kahit alam niyang hindi niya naloko ang kapatid. Alam nitong nginangatngat ng sarili niyang hamster ang loob ng sikmura niya dahil sa

anxiety.

Isinalansan ni Eloisa ang mga papel. Nanatiling tahimik ang kapatid. Nang mag-angat siya ng paningin, nakita niyang pinagmamasdan siya ni Elaine. Umiling siya. “Konting tiis na lang. Makakaraos din tayo. Tiwala lang!”

Pabiro ang tono niya dahil iyon ang naging coping mechanism niya sa lahat ng kamalasan nila sa buhay, ang magbiro. Kung hindi siya magbibiro, baka matagal na siyang tumalon sa tulay.

Muling umiling si Elaine at nagsimula nang magligpit ng pinagkainan nila. Dahil bagong suweldo sila pareho, tig-isa silang pancit canton at pritong itlog ngayon imbes na hati. At may tinapay pa sila!

Natutunan ni Eloisa na magpasalamat para sa maliliit na bagay gaya niyon. Pero hindi naman niya maikailang nami-miss niyang mag-eat-all-you-can at breakfast buffet. Sa lahat ng mga nawala sa kanya, iyon na ang pinakana-miss niya, ang kumain ng masarap, nang marami, at nasa oras. May mga araw kasi...

Hindi. Hindi niya iisipin ang mga araw na iyon.

Tumayo siya at tinulungang magligpit ang kapatid. Minsan nag-aalala siya rito dahil nanatili itong tahimik habang pinagdadaan nila ang lahat ng ito. Elaine had been the daddy's girl. Nang iwan sila ng kanilang ama, ito ang lubos na naapektuhan.

Ilang beses niyang in-open ang topic ng kawalanghiyaan ng ama nila para bigyan ng

pagkakataon si Elaine na maglabas ng sama ng loob, pero mas mabilis pa sa snatcher kung umibis ang kapatid kapag nababanggit niya ang mga salitang “si Daddy.”

Siniguro na lang ni Eloisa na alam ng kapatid na kapag handa na itong magsalita, naroon lang siya para makinig.

“Sige na, Ate. Ako na dito. Umalis ka na. Baka ma-late ka sa interview mo.”

“Sige na nga. Salamat.”

Iniwang niya ito sa maliit nilang kusina para pumunta sa maliit nilang banyo para mag-toothbrush. Doon na rin siya nagsuklay at nag-makeup.

Bukod sa masarap na pagkain, isa pa ang makeup sa mga kailangan niyang i-give up nang maghirap sila. Mababa naman iyon sa listahan niya ng priorities pero minsan nami-miss niya ang mga lipsticks niya. Iyong *NARS*, *Estée Lauder*, *MAC*. God, her *MAC* lipsticks. Na-miss niya ang mga iyon lalo na ngayon na kahit iyong pinakamurang brand ay hindi niya mabili dahil kailangan niyang mamili kung kakain siya o magme-makeup. Siyempre kakain na lang siya.

Ang mga makeup niya ngayon ay galing kay Mama Kiss, ang may-ari ng parlor kung saan part time na nagtatrabaho si Eloisa sa hapon. Sa gabi naman, tumatao siya sa isang computer shop doon lang din sa area nila.

Nang makapag-makeup, kinakabahang

ininspeksyon niya ang damit. Medyo luma na ang blouse at palda niya pero maayos pa naman. Matagal na niyang hindi nagagamit ang sapatos niya pero hindi naman nakakalimutan ang pagha-hi-heels, eh. Simple lang ang bag niya dahil matagal na nilang naibenta ang mga *Hermés* at *LV* bags nilang magkapatid para mabayaran ang hospital bills ng mommy nila nang atakihin ito sa puso.

Okay lang naman. Matagal na rin niyang naiwan iyong Eloisa na nagpapahalaga sa imahe, na kailangan ay branded ang lahat ng gamit. She was much simpler now, hindi lang dahil mahirap na sila kundi dahil na-realize niya na hindi mahalaga kung mamahalin ang mga gamit. She had learned humility the hard way, and she was determined to live by the lesson.

Lumabas siya ng banyo at nagpaalam na kay Elaine. Matutulog na rin ang kapatid dahil nightshift naman ito sa pinagtatrabahuhang fast food restaurant.

Medyo malayo-layong lakad papunta sa sakayan ng *UV Express* papunta ng Ortigas pero nilakad na lang iyon ni Eloisa. Sayang din iyong pamasaha niya sa tricycle.

Tatlong beses niyang binilang iyong baryang ibabayad niya kay Manong Driver dahil kapag magkamali siya, makukulangan iyong pamasaha niya pauwi. Mahalaga ang bawat piso, ba!

Nang bumaba siya sa street kung saan naroon ang building ng opisina ng papasukan niya, noon na

niya hindi napigilan ang matinding kaba.

First time niya itong pag-a-apply ulit sa isang medyo kilalang kompanya matapos ang magkakasunod na disasters noong huli niyang job hunt. Hindi lang naman dahil sa hindi siya nakatapos ng college kaya siya nagtatrabaho bilang assistant parlorista sa hapon at bantay ng Internet shop sa gabi, may phobia siya sa malalaking kompanya. Kaya lang, hindi na puwedeng magtago. Kailangan na niyang kumilos. Kailangan na niyang kumita.

Tiningala ni Eloisa ang building mula sa sidewalk saka huminga nang malalim.

Hindi ito malaking kompanya, Eloisa. Mas maliit ang posibilidad na may kakilala ka na nagtatrabaho dito. Just go to the interview and hope for the best.

Pumasok na siya at sumakay ng elevator na huminto sa 36th floor. Naglakad siya papunta sa isang opisina doon. Lumabas mula sa likod ang isang babae na may dalang isang tasa ng kape. May kaliitan ito, bilugan ang mga mata, medyo kumukulot ang naka-ponytail na buhok, at medyo bilugan ang mga mata. Ngumiti ito nang makita siya sa pintuan.

“Good morning!”

“Good morning po. Ako po si Eloisa delos Santos. May interview po ako ng 10 AM.”

“Ay, kayo po si Miss Eloisa!” Inilahad nito ang isang kamay. “I’m Aria. We talked on the phone.”

“Kayo po pala si Miss Aria. Nice to meet you

po!” masayahin niyang bati habang nakikipagkamay rito.

“Nice to meet you, too. Sige po, maupo na muna kayo. Sasabihin ko lang kay Sir Dennis na nandito na kayo.”

Sumikdo ang puso niya sa pangalan. Normal lang naman iyon dahil tuwing maririnig niya ang pangalang Dennis, dumadaan siya sa Five Stages of Grief. Pero ngayon, hindi lang iyong kadalasang kirot sa puso ang nadama niya kundi pamimilipit sa sikmura na dala ng matinding takot.

“Miss Aria,” habol niya sa babae na bumalik na sa mesa nito sa reception. “Puwede po bang malaman kung ano iyong buong pangalan ni Sir Dennis?”

Ngumiti ito dahil wala itong kaalam-alam na sa pagsabi ng buong pangalan ng mag-i-interview kay Eloisa, guguhin nito ang mundo niya.

“Dennis Lee.”

Natigilan si Eloisa dahil pakiramdam niya ay nahihilo siya. Nawala ang ngiti ni Miss Aria at muli itong tumayo para daluhan siya.

“Okay lang kayo, Miss Eloisa?” tanong nito habang ginigiya siya papunta sa sofa para sa mga bisita. “Maupo muna kayo. Namumutla kayo.”

Naupo nga siya dahil nanghihina siya pero alam niyang kailangan na niyang umalis. “Masama po iyong pakiramdam ko,” sabi niya na ilang beses lumunok.

“Gusto n’yo ba ng tubig?” nag-aalalang tanong

ng babae.

“Medyo nasusuka po ako.”

“Hala! Naku, halika sa banyo.” Tinulungan siya nitong tumayo pero mabilis siyang umiling nang simulan siya nitong igiya papasok pa lalo sa opisina.

“Hindi na po. Sa labas na lang po ako magsi-CR,” sabi niya na pilit pinipigilan ang matinding panic attack. Baka makasalubong pa niya iyong lalaking mahigit sampung taon na niyang sabay na ipinagdarasal na makita para makapag-sorry siya, at huwag na niyang makitang muli dahil hiyang, hiyang-hiya siya rito.

“Thank you po, Miss Aria,” nagmamadali niyang saad habang humihila palayo rito. “Sa labas na lang po ako.”

Pumihit siya papunta sa pinto.

Noon niya na-realize na nangyayari pala sa totoong buhay iyong bigla na lang nakakabanggaan ng isang tao iyong iniwasan niya. At totoo rin pala iyong biglang nagiging slow motion ang mundo kapag nagkatinginan iyong dalawang bida sa pelikula. Iyon na iyon kasi ang nangyari nang mabangga siya sa malapad at matipunong dibdib ng dating patpating si Dennis Lee.

Bumalot sa kanya ang mga braso nito nang matalisod siya sa pagmamadaling humakbang paatras palayo rito.

“O, okay ka lang, miss?”

His voice was a little deeper than it had been in high school pero naroon pa rin iyong naaalala

niyang hagod at lambing. Nakangiti ito sa kanya kaya kita ang dimple nitong nasa kaliwa lang ng mga labi nito.

Once upon a time, for one happy, beautiful month, she had the right to stroke her fingertips over his lips and that adorable dimple. Pero ngayon...

Pinagmamasdan siya ng lalaki pero alam niyang hindi siya nito nakilala. Dahil kung nakilala siya nito at naalala nito ang kagagahan niya noong high school sila, baka hindi lang siya nito bitawan para malaglag siya sa sahig, baka ihagis pa siya palabas ng bintana.

“Excuse me, sir,” sabi niya bago niya inilapat ang isang palad sa dibdib nito para itulak ito palayo.

Maybe it was her voice or the familiarity of the feeling of her palm on his chest—kahit pa hindi pamilyar sa kanya ang muscles sa dibdib nito—pero alam niya eksakto iyong sandaling nakilala siya ni Dennis.

Nakita niya ang gulat sa singkit nitong mga mata at ang paglundag ng puso nito sa ilalim ng palad niya bago nanlamig ang ekspresyon sa guwapong mukha ng lalaki. Buti at nakatayo na siya nang maayos dahil mabilis din siya nitong binitawan. Gayunpaman, muntik pa rin siyang mawalan ng balanse bago tuluyang makalayo kay Dennis.

Kahit kumakabog ang dibdib at hiyang-hiya, hindi niya naalis ang tingin sa lalaki. Sa daming

beses na na-imagine niyang magkikita ulit sila ni Dennis Lee, wala siyang maalala sa mga pinlano niyang sasabihin o gagawin.

One thing she was sure about was that hindi niya pinlano ang sukahan ito. Tinakpan ni Eloisa ang bibig saka siya tumakbo palabas ng opisina.



Kung nakinig lang sana si Dennis sa sarili nang magising siya kaninang umaga, hindi na sana siya bumangon. Tulog na ulit sana siya ngayon, nasa ilalim ng kumot, at yakap ang unan habang nananaginip. Pero dahil masipag siya, heto, pumasok pa rin siya sa opisina. Nagulo tuloy ang utak at ang buhay niyang kailan lang niya talaga naayos.

Nanlalaki ang mga mata ni Aria habang nakatingin sa kanya nang tumakbo palabas si Eloisa. Nagsimula siyang umiling dahil wala siyang balak magpaliwanag dito, gaya ng wala siyang balak na sundan ang ex niya.

Kaya nang makita niya ang sariling nakasunod na pala sa loob ng CR ng mga babae, nagulat siya sa sarili. Buti na lang at walang ibang tao roon maliban kay Eloisa na nakatungo sa isa sa mga toilet bowls.

Ulit, bago pa mapag-isipan ang gagawin, lumapit na siya rito. Hinawakan niya ang buhok ng babae saka hinagod ang likod nito. Hinawi siya ni Eloisa pero hindi siya lumayo. At nang sa palagay ni Dennis ay naubos na nito ang laman ng sikhmura, saka niya ito iniwan sa stall para ikuha ito

ng paper towel mula sa dispenser sa dingding. Saglit niyang idinaan ang mga iyon sa ilalim ng gripo saka binalikan si Eloisa na nakapag-flush na ng toilet.

“Thank you,” nanghihina nitong saad nang tanggapin ang mga paper towels.

Namumutla ito. Napansin din niyang malaki ang ipinayat nito mula noong huli niya itong makita sa personal noong high school sila.

Age had given her features polish na lalo lang nagpaganda rito pero hindi lang iyon. Wala na ang pilyang kinang sa mga mata nito at ang mapanuksong ngiti sa mga labi na nagsasaad na alam nitong kinahuhumalingan ito ng karamihan sa mga kaklase nilang lalaki... at ilan sa mga babae.

Iba na ang paraan nito ng pagdadala sa sarili. There was a sadness in her eyes, and she seemed to hunch her shoulders as if she was trying to hide herself. Iba na ito sa dating self-confident na si Eloisa Angela delos Santos.

But it didn't mean she was less beautiful, or that she didn't make his pulse race anymore. If anything, parang walang oras na nagdaan sa pagitan ng una nitong ngiti sa kanya sa library at ngayon.

He leaned casually against the sink and crossed his arms over his chest to cover up the weird feeling at the pit of his stomach. Pinigilan din niya ang pagbabalik ng mga alaala. Matagal na iyon. Wala nang halaga.

“What are you doing here?”

Kumurap si Eloisa at saglit na napahinto sa

pagpupunas ng bibig. Humakbang ito papunta sa lababo saka naghilamos at naghugas ng mga kamay. Hindi siya nito tiningnan.

“I have... had an interview,” sagot nito.

“With whom?”

Noon ito muling nag-angat ng paningin at nagtama ang mga mata nila sa salamin. “You, apparently.”

Namilog ang mga mata ni Dennis. “Ikaw iyong aplikante? Pero receptionist job iyong opening. Why the hell would you be applying for that?”

“Because I need a job?”

“As a receptionist?” Hindi pa rin siya makapaniwala at halata iyon sa tono ng kanyang pananalita.

“Yes,” she replied through gritted teeth. “As a receptionist.”

Isa sa pinakamayayamang pamilya ang mga delos Santos sa kanila sa Bulacan. Ang huli niyang balita ay sa *DLSU* nag-aral si Eloisa. Kaya nga bihira siyang manood ng *UAAP* noong college siya, natatakot siyang makasalubong ito.

Tuwing babanggitin naman ito ng kahit sino sa pamilya niya, agad niyang binabago ang usapan o kaya ay lalayanan niya ang nagsasalita, depende sa mood niya. Mabilis na natuto ang pamilya ni Dennis na huwag nang banggitin si Eloisa sa kanya.

Pero bigla niyang naalala na may nabasa siyang balita sa diyaryo tungkol sa ama nito. Her father stole close to two billion pesos from thousands of

people in an elaborate pyramid scam, then fled the country with his nineteen-year-old model mistress.

Ikinagulat niya iyon dahil kilala niyang mabait na tao at mabuting ama si Mr. delos Santos. Nag-alala siya para kina Eloisa pero hindi niya makuhang tawagan ito para kumustahin kahit pa ilang beses niyang inabot ang telepono na iyon ang intensyon.

“Look,” anang babae na nilalamukos ang hawak na paper towels. “Hindi ko alam na ikaw ang mag-i-interview sa ‘kin, o na dito ka nagtatrabaho sa kompanyang ‘to.”

Hindi nagbago ang ekspresyon niya nang sabihin iyon ni Eloisa. Hindi niya ito itinama. Hindi mahalaga na malaman nitong isa siya sa mga may-ari ng kompanya.

“I didn’t plan this. Ang totoo, hindi ko na naisip na magkikita pa tayo. In fact, matagal ko nang ipinagdarasal na huwag ka nang makita ulit.” His jaw tightened at that. “I’m just here for the job interview.”

Tumango si Dennis nang isang beses saka tumuwid. “Okay. Pero pasensya ka na, Miss delos Santos, I hope you understand that I can’t hire you.”

Anger sparked in her eyes. “What? Why? Dahil sa nangyari sa ‘tin? That was ten years ago! Hindi ka pa rin ba nakaka-move on?”

He refused to be baited.

“It’s the fact that I can’t trust you, Miss delos Santos,” simple at direkta niyang saad. Hindi niya pinansin na napalitan ng hapdi ang galit sa mga

mata ng kaharap. “Pasensya na sa abala. Had I known it was you, sinabi ko na sana kaagad kay Aria na mamili na lang ng ibang aplikante.”


Tumango siya bilang pamamaalam saka tumalikod.

Bago pa niya mapihit ang doorknob, tinawag na siya ni Eloisa. Nilingon niya ito. She was standing rigidly straight with her chin up and her eyes bright. She looked both regal and like a woman who was holding herself together by sheer force of will. He had to ball his hands into fists to keep from automatically reaching for her to comfort her.

“I’m sorry for wasting your time,” anito na halatang pinipigilan ang pangangatal ng tinig. “Then and now.”

Pagkatapos ay naglakad na ang babae at nilampasan si Dennis hanggang sa makalabas na ito ng banyo. Kinailangan niyang pigilan ang sarili bago pa niya ito muling habulin.

Aaminin niyang palpak iyong pagharap niya sa sitwasyon. Sampung taon na nga naman ang lumipas pero hindi pa pala talaga siya nakaka-move on.



CHAPTER 2

Ingulat si Mama Kiss nang dumating si Eloisa sa parlor nito pasado alas dos ng hapon.

“O, akala ko di ka makakapasok ngayon?”
Tanong nito mula sa likod ng counter sa gilid ng pinto. Malaki itong lalaki pero slim ang katawan. Guwapo ito sa umaga pero sa gabi, daig pa nito ang beauty queen sa porma at ganda habang rumarampa sa comedy bar kung saan ito madalas mag-perform for fun. Suplado ito pero ubod ng bait kapag nakuha mo ang kiliti.

Ubod ito ng bait kay Eloisa.

Nag-apply siya rito nang walang experience. Marunong siyang mag-makeup at manicure at pedicure, pero sa sarili lang niya. Bilang ‘job interview,’ ito ang kailangan niyang ayusan at bigyan ng manicure. Alam na kaagad ni Eloisa na sa kupad niya, hindi siya matatanggap sa trabaho, pero binigyan siya nito ng pagkakataon. Habambuhay niyang tatanawin na utang na loob iyon kay Mama

Kiss.

Pinilit niyang ngumiti pero kahit anong gawin niya hindi niya maiangat ang gilid ng mga labi. Napansin iyon ng kanyang boss. Agad na tumayo ang lalaki at inakbayan siya. Giniya siya nito sa kusina. Itinulak siya nito paupo sa isang silya saka siya ipinaghanda ng merienda.

“Kumusta ang interview mo?” tanong nito matapos niyang magpasalamat para sa slice ng cake na ibinaba nito sa harapan niya.

Ito ang nakakita ng ad ng kompanya na naghahanap ng receptionist at admin assistants. Agad nitong ipinakita iyon sa kanya. Ito rin kasi ang unang-unang naniniwala na hindi niya destiny ang habambuhay maging assistant sa parlor nito.

“Palpak, Mama Kiss,” sagot ni Eloisa.

“O, bakit? Ano’ng nangyari?”

“Karma.”

“Ano?” naguguluhan nitong tanong.

Bumuntong-hininga siya sabay subo ng cake. Nagugutom siya kasi hindi siya nagtanghalian pero wala naman siyang ganang kumain kaya hindi na siya dumaan sa turo-turo na madalas niyang kainan bago dumerecho sa parlor. Daanin na lang niya sa cake. Libre pa.

“Naalala n’yo iyong kinuwento ko sa inyong ex ko n’ung high school? Si Dennis?”

“Uh-huh.”

“Siya ‘yung mag-i-interview sa ‘kin.”

Nabulunan ang lalaki. Inabot niya ang tubig

dito. “Ano ba ‘yun? Ang swerte mo naman!”

“Opo nga eh. Kung alam lang daw niyang ako iyong aplikante, hindi na sana niya ako pinapunta para sa interview.”

Namilog ang mga mata ni Mama Kiss. “Ano ba ‘yun? Ilang taon naman na ‘yun?” Hinampas siya nito sa braso. “Naku, may feelings pa ‘yun para sa ‘yo. Hindi pa rin siya nakaka-move on sa alindog mo after all this time?”

Tumawa si Eloisa para pagtakpan ang nadamang pagkapahiya dahil sa nangyari kanina.

“Hayaan na natin, Ma. Na-shock lang ako kanina. Hindi ko inaasahan na magkikita pa kami ulit talaga. Akala ko okay na ako sa kung anumang closure iyong naibigay sa ‘kin n’ung hindi na niya ako kinausap ulit after ng prom. Saka nanghihinayang lang din kasi ako. Umasa talaga akong makukuha ko iyong trabaho.”

Bumuntong-hininga na rin ang lalaki at tinapik-tapik ang kamay niya sa ibabaw ng mesa. “Hayaan mo na nga. Makakahanap ka rin naman ng magandang trabaho na bagay sa ‘yo. Tiyagaan lang. Pagtiisan mo muna kami dito.”

“Ayaw mo naman kasi akong seryosohin kapag sinasabi kong sa ‘yo ko lang gustong magtrabaho.”

“Gaga! Ano naman ang mahihita mo sa trabaho mo sa ‘kin? Hindi lang pang-parlor ang beauty mo, Inday. Pang-corporate world ‘yan!”

“Eh, saan ko naman po ilalagay ang beauty ko sa corporate world? Wala naman akong natapos.”

“Pero kahit paano, nakapag-aral ka. Sayang ka kung pagwawalisin lang kita rito. Saka matalino ka! Hindi mo kailangan ng diploma para patunayan ‘yun. Maraming mas magagandang trabaho para sa ‘yo.”

“Pero hindi mo naman ako paalisin dito, di ba, Mama?”

“Siyempre hindi,” anito. “Dito ka lang habang wala ka pang ibang trabaho.”

Niyakap niya ito.

“Ay! Hugger ka nga pala,” tawa ng lalaki saka siya tinapik-tapik sa likod. “Sige na. Ubusin mo na ‘yang cake mo ‘tapos magpalit ka ng sapatos! Naka-heels ka pa! Bawal dito ang mas maganda sa ‘kin, ano!”

Bumungisngis si Eloisa saka binilisan ang pagkain.

Pagkatapos ay nagligpit siya ng pinagkainan at nagpalit ng sapatos. Saka siya lumabas sa parlor para magwalis.

Ganoon ang ginagawa niya nang biglang matahimik ang buong parlor matapos bumukas ang pinto. Nagpatuloy lang siya sa pagwawalis. Halos tumuwad pa siya sa ilalim ng counter para maabot ang mga dumi roon.

“Puwede pong makausap si Eloisa?”

Nauntog siya sa gilid ng mesa sa bilis ng pagtayo niya nang marinig ang boses ni Dennis. Agad siyang pumihit habang hawak pa rin ang walis at ang dustpan na puno ng ginupit na buhok.

Nakatayo sa pintuan si Dennis, kausap si Mama Kiss. Nang lumingon sa kanya ang boss, nilingon na rin siya ni Dennis. Hindi nito naitago ang gulat sa mukha. Siguro dahil nga hindi nito na-imagine na maghahawak siya ng walis kahit kailan. Tiningnan lang niya ito nang medyo mapanghamon. Ano ang masama sa ginagawa niya? Marangal ang trabaho niya! Hindi siya nagnanakaw.

Mabilis pinagtakpan ng lalaki ang ekspresyon. “Eloisa—”

“Paano mo ako nahanap?”

“Nasa resumé mo na dito ka nagtatrabaho,” anito na humahakbang palapit. “Puwede ka bang makausap?”

Hinigpitan niya ang hawak sa walis at dustpan. Nagsisimula nang manginig ang mga kamay niya sa nerbyos at mabilis na naman ang tibok ng kanyang puso. Kailan kaya siya magiging handa na makita ito ulit? Marahas siyang napalunok. “May ginagawa pa kasi ako.”

Tumingin sa paligid si Dennis. Sigurado niyang napansin nitong nakatingin dito ang lahat ng nasa loob ng parlor, ang mga hair dressers, nail technicians, maging iyong lola na may foil sa buhok dahil gusto nitong magpa-platinum blonde. Muli siya nitong binalingan.

“Sige. Hihintayin na lang kita,” sabi ng lalaki.

Tumango si Eloisa at itinuro ang bangko sa may bintana kung saan nila pinapaupo ang mga customers habang naghihintay. Masunuring naupo

roon si Dennis pero nanatiling nakatingin sa kanya.

Seryoso ba ito? Papanoorin ba talaga siya nitong magwalis? Nanatili lang itong tahimik na nakaupo roon, relaxed ang katawan at walang ekspresyon sa mukha. Hindi nito inalis ang mga mata sa kanya.

O, eh di panoorin siya nito. Bahala ito kung gusto nitong husgahan ang trabaho niya. Itinuwid ng dalaga ang likod saka muling nagsimulang magwalis.

Pinag-isipan na lang din niya ang sasabihin mamaya kay Dennis kapag magkausap na sila. Ang tamang gawin ay mag-sorry rito tungkol sa ginawa niya noong mga bata pa sila. Kung hindi man siya nito patawarin, at least nasabi na niya ang gusto niyang sabihin. It would have to be enough for the closure she probably needed to move past this, and to finally move on from him.



Mag-iisang oras nang naghihintay si Dennis kay Eloisa pero nanatili siyang tahimik at busy sa magazine na binabasa, at sa telepono niya. Mahaba ang pasensya niya. Nahasa siya dahil siya ang panganay, hindi lang sa pamilya niya, kundi maging sa kanilang magpipinsan. Bata pa lang ay naging tagapag-alaga na siya ng mga ito. Kailangan talaga niya ng pasensya dahil makulit ang lahi nila. Kung pasensya rin lang, kaya niyang hintayin si Eloisa.

Pagkatapos maglinis ng babae, may pumasok na customer na gusto namang magpa-manicure. Nagpaalam si Eloisa na uunahin iyon dahil trabaho

raw. Tumango siya kahit alam niyang excuse lang iyon ng babae para hindi muna siya makausap. Okay lang naman sa kanya dahil hindi pa rin niya alam kung ano ang sasabihin dito.

Hindi nga niya alam kung bakit niya ito pinuntahan. Siguro dahil gusto niyang makita ng sarili niyang mga mata ang sinabi sa kanya ng mga kapatid na sina Andrew at Aiden, at ng mama niya nang tumawag siya rito sa Bulacan, at ng mga binasa niyang news articles tungkol sa ama ng babae.

Nang may isa pang babaeng pumasok para magpagupit at inuna ulit ito ni Eloisa, lumapit na si Dennis sa lalaki sa maliit na reception ng parlor.

“Kailangan ko talaga siyang makausap,” sabi na niya rito.

Nangalumbaba ang lalaki habang nakatingala sa kanya. Hindi niya alam kung nagpapa-cute ito o ano pero may kakaibang kinang sa mga mata nito.

“Naku, sir. Masipag kasi talaga ‘yang si Eloisa. Napaka-professional pa. Hindi ‘yan papayag na gamitin ang oras niya sa trabaho sa mga personal na bagay.”

Hindi na siya nagtaka na mukhang alam nito kung sino siya at kung ano ang nangyari kaninang umaga sa job interview ng babae. Malamang ay alam na rin nito kung ano siya sa buhay ni Eloisa. Ikinuwento ba ng babae na ito ang may kasalanan kung bakit sila naghiwalay? Siya ba ang pinalabas nitong masama?

At iyon ang problema. Natutunan na kasi

ng puso niya na huwag magtiwala kay Eloisa para protektahan ang sarili. Kahit wala namang ginagawa ang babae, nagdududa siya. Kaya nga naunahan niyang sabihin dito kaninang umaga na hindi niya ito tatawagan kung alam niyang ito ang aplikante. Pinagsisihan naman iyon ni Dennis nang malaman ang kasalukuyang sitwasyon ni Eloisa.

“So masipag siyang magtrabaho?” tanong niya.

Tumango ang lalaki. “Hindi pa siya na-late ni minsan, at pumapasok kahit may sakit. Ako pa ang nagpapauwi sa kanya para lang makapagpahinga siya. Friendly rin ‘yan. Gusto siya ng lahat ng katrabaho niya at ng mga customers. May initiative pa. Kahit hindi utusan, gagalaw ‘yan.”

“So bilang boss niya,” ani Dennis na itinuloy na ang interview, tatal nandito na rin naman siya. “Marerekomenda mo bang i-hire namin siya sa trabaho? I need someone who can be trusted with the clients’ personal and financial information.”

Tiningnan siya nang derecho sa mga mata ng lalaki na tila ba sinusukat ang kanyang pagkatao. Mahina ang boses nito nang muling magsalita pero puno iyon ng conviction. “Kung ibig mong sabihin ay kung mapagkakatiwalaan ko siya sa kabila ng mga alam ko tungkol sa naging kaso ng ama niya, sasabihin ko sa ‘yong, oo. She’s not her father.”

Tumango na rin si Dennis. “Salamat. I’ll consider everything you said. Now, kailangan ko lang talagang makausap si Eloisa.”

Sinulyapan ng lalaki ang relo nito. “Puwede

kang maghintay hanggang alas ocho kung kailan matatapos ang trabaho niya, o kaya magpa-manicure ka sa kanya. Matagal-tagal ‘yun at may bayad iyong serbisyo. Hindi makokonsensya si Eloisa na nakikipag-usap siya sa ‘yo sa gitna ng trabaho.”

Agad siyang umayaw.

Mataray ang kilay na itinaas ng kausap. “Bakit? Natatakot kang may kumwestyon sa pagkalalaki mo kapag nagpa-manicure ka?”

Nagsalubong ang mga kilay ni Dennis. “Bakit nila kukwestyunin ang pagkalalaki ko kung magpa-manicure ako? Porke ba lalaki, hindi na puwedeng maging malinis ang kuko? Hindi ‘yun. Hindi ko alam kung galit siya sa ‘kin pagkatapos ng nangyari kaninang umaga. Sa palagay mo, papayag akong lumapit siya sa ‘kin habang may hawak na... ano ‘yun? Iyong matulis na pangkuko?” tanong niya na ginagaya pa kung paano ginagamit ang bagay na tinutukoy niya.

Napangiti ang lalaki. “Pusher.”

“Yeah, ‘yun.”

Tumawa na ang boss ni Eloisa. “Gusto kita,” bigla nitong sabi. Pero bago pa siya kabahan dahil kahit nakaupo ay obvious na malaki itong lalaki at mukhang kaya siyang damputin, nilinaw na nito ang sinabi. “Magaling akong magbasa ng tao, eh. Nag-aalala ako kanina na baka gaguhin mo si Eloisa pero hindi, ano?”

Mabagal na umiling si Dennis kasi hindi niya

maintindihan kung ano ang sinasabi ng lalaki.

Inilahad nito ang kamay sa kanya. “Ako si Kiss. Hopefully, former boss ni Eloisa.”

Tinanggap niya ang palad nito. “Dennis.”

Inabot ni Kiss ang logbook. “Give her a chance. Hindi mo pagsisisihang tinanggap mo siya sa trabaho,” sabi nito habang binubuklat ang logbook pagkatapos ay inilapit iyon sa kanya. “Pirma ka na lang dito. Ikaw na ang susunod.”

Pumirma siya sa logbook para sa hindi niya alam kung anong serbisyo. Pero nang lumabas si Eloisa mula sa likod ng parlor para igiya ang isang bagong shampoo na customer sa upuan ng isa sa mga hairdressers, tinawag na ito ng boss nito.

“Eloisa, si Sir na ang susunod.” Halatang nagulat at naguluhan ang babae. “Shampoo saka bloooow...”

Napatingin silang dalawa rito, parehong namimilog ang mga mata sa takot na baka bastos ang susunod nitong sasabihin.

“Dry,” nakangising pagtatapos ng lalaki.

Pinaningkitan niya ito pero hindi na ito nakapagsalita sa katatawa. Itinuro lang siya nito kay Eloisa saka sila itinaboy papunta sa likuran. Nahihiya na si Dennis dahil baka kung ano na ang iniisip ng mga nakarinig. Nakahiwalay pa naman ang area kung saan naroon ang mga lababo. Baka isipin ng mga customer eh kung anong ‘blow’ ang binibigay ni Eloisa sa kanya.

Naglakad siya papunta sa dating nobya at doon

siya naupo sa tapat ng isa sa mga lababong kita ng mga tao sa mismong parlor. At least kita ng mga ito ang ginagawa nila at hindi sila pag-iisipan ng masama.

“Wala bang shampoo sa bahay mo at dito ka pa magpapa-shampoo?” tanong ni Eloisa habang ibinabalot ang isang tuwalya sa mga balikat at leeg niya para hindi mabasa ang damit niya.

Nagpigil na siya ng ngiti. Kahit medyo suplada ang tono ni Eloisa, maingat ang mga kamay ng babae nang ihiga siya nito. Nang madantay ang batok niya sa gilid ng lababo, tiningnan niya sa mukha ang ex. Hindi siya nito tinitingnan.

Maingat nitong binasa ang buhok niya habang sinisiguro na hindi mababasa ang kanyang mukha. At nang lagyan nito ng shampoo ang buhok niya at idinaan ang mga daliri sa mga hibla niyon, napapikit si Dennis at muntik nang mapaungol sa sarap ng pakiramdam.

Nakalimutan na niya na mahilig siyang mahiga sa tabi nito noon at gawing unan ang kandungan nito para magpahaplos ng buhok sa girlfriend.

Isang buwan, isang masayang buwan...

“What happened, Eloisa?” he asked her in a voice that was surprisingly husky.

Nadama niyang napahinto ang mga kamay ng babae pero saglit lang iyon bago nito ipinagpatuloy ang pagpapabula ng shampoo sa mga hibla ng buhok niya.

“Kulang ang oras na ‘yun para ikuwento ang

lahat ng nangyari sa 'kin mula n'ung huli tayong mag-usap.”

Ibinaling niya rito ang ulo niya. “May gagawin ka pagkatapos ng trabaho?”

Noon siya tiningnan nang derecho ng babae. “Oo. May isa pa akong trabaho.”

“Anong oras ka papasok d'un?”

“Nine.”

“Hindi ka ba puwedeng mag-break ngayon? Kahit ten minutes lang?”

Umiling ang babae at binanlawan na ang buhok niya. Pagkatapos ay nilagyan naman iyon ng conditioner.

Ano kaya ang sasabihin ng dalaga kapag nalaman nitong naa-arouse siya dahil sa paghaplos nito sa buhok niya? Ganoon pa rin kasi ang epekto ng mga kamay ni Eloisa sa kanya.

Naging maingat lang si Dennis noong high school na hindi ipaalam dito ang nangyayari sa katawan niya sa tuwing magkadantay ang mga balat nila. Nahihiya din kasi siya. Ke bata-bata pa kasi nila, bastos na siya.

Alam niyang normal lang na isipin ang ganoong mga bagay sa edad niyang eighteen pero iyong seryosohang sabihin o iparamdam sa bagong girlfriend niya na iyon ang iniisip niya? Nahihiya siya kay Eloisa.

Ngayong nasa tamang edad na siya, wala naman na siyang karapatang ipaalam dito na ganoon pa rin ang epekto ng hawak nito sa kanya. Hindi niya ito

babastusin nang ganoon.

Binalot ni Eloisa ng tuwalya ang ulo niya, saka iyon inangat mula sa lababo. Pagkatapos, dinagdagan nito ang torture sa kanya nang marahan nitong tuyuin ang buhok niya.

Mabagal niyang pinakawalan ang hininga para pakalmahin ang katawan. Wala siyang balak lumabas sa main floor ng parlor nang may erection.

“Anong oras ka puwedeng pumunta ng opisina bukas?” tanong ni Dennis.

“Bakit?”

“Final interview.”

Hinila ni Eloisa ang tuwalya mula sa kanyang ulo para tingnan siya. “Akala ko ba hindi mo na ako i-interview-hin dahil hindi mo naman ako mapagkakatiwalaan?”

Nanatili lang siyang nakatingala rito. “Puwede namang magbago ng isip, di ba?”

Pinag-aralan nito ang mukha niya pagkatapos ay bumuntong-hininga.

“Hindi ko kailangan ng awa mo,” sabi ng dalaga bago muling tinakpan ang ulo ni Dennis ng tuwalya. Nabawasan na ang ingat nito at kinuskos na ang buhok niya.

“Pero kailangan mo ng trabaho.”

“May trabaho ako,” she said haughtily.

Kung may mga nagbago sa ayos, itsura at sa kung paano makitungo sa mga tao si Eloisa, ang pride nito ang hindi nagbago.

“Kailangan mo ng *bagong* trabaho,” pagtatama

ni Dennis nang muli nitong hilahin ang tuwalya mula sa ulo niya.

“Masaya ako rito. Hindi naman daw ako papaalisin ni Mama Kiss. Okay lang akong mag-stay dito.”

Sinundan niya ng tingin ang babae nang maglakad ito papunta sa isang basket kung saan nito inilagay ang mga tuwalyang ginamit sa kanya. Nagsalita lang siya nang muli na siya nitong harapin.

“Sayang. Iyong trabaho kasi sa ‘min, thirty thousand pesos a month ang starting salary with an annual increase depending on your performance. Siyempre may full benefits ka rin, and fifteen days na sick leave, fifteen days na vacation leave per year na convertible to cash kapag hindi mo nagamit.”

Nakita niya sa mga mata ni Eloisa ang pag-asa pero agad din naman iyong itinago ng babae. And he felt a little guilty for exploiting her need for money but he felt like the end justifies the means in this case.

“Pero pagtatrabahuan mo iyon,” sabi ni Dennis. “There are days that you might need to work sixteen to eighteen hours a day. Of course may overtime pay ka, at may meal at transpo allowance kung kailangan mong mag-overtime. What I’m saying is that you’ll earn your salary if you work for us. Gusto mo ba?”

“Hindi ko naiintindihan. Akala ko receptionist job iyong in-apply-an ko.”

“Oo nga. Pero overqualified ka para d’un. I’m hiring you as my assistant instead.”

Nalaglag ang panga ng babae. Mabilis itong umiling at humakbang palayo. “Ginagawa mo ba ‘to para magkaroon ka ng pagkakataong makabawi sa ‘kin sa ginawa ko sa ‘yo n’ung high school tayo?”

Si Dennis naman ang umiling at mabagal na tumayo. “Ikaw na rin ang nagsabing ten years ago na ‘yun, Eloisa. You hurt an eighteen-year-old boy. I assure you that the man that boy had become don’t want any sort of revenge or retribution for something a seventeen-year-old girl did. Isa pa, kailangang may nararamdaman pa rin ako para sa ‘yo para gustuhing gumanti. And I got over my feelings for you a long time ago.”

Hinila ni Dennis ang tuwalyang iniwan ni Eloisa sa balikat niya at inabot iyon sa babae. “If you’re interested in the job, be at the office at 9 AM tomorrow. Kung wala ka d’un, I’m going to assume na hindi ka interesado.”

Tumango siya rito bilang pamamaalam saka naglakad palabas hanggang sa reception na basa pa ang buhok. Inabot niya ang wallet mula sa bulsa para bayaran si Kiss pero tinanggihan nito ang pera niya.

“Si Eloisa?” tanong lang nito.

Sinulyapan niya ang pintuan papunta sa likod ng parlor. “The job is hers if she wants it. Siya na ang bahala kung gusto niyang tanggapin o hindi.”

Nagpasalamat siya kay Kiss saka siya lumabas.


Naglakad siya pabalik sa kotse niya.

Iyong tiwala ang isa sa pinakamalalaking hadlang na kailangan nilang ayusin ngayon ng babae kung gusto nilang makatrabaho nang maayos ang isa't isa. Hindi nila alam kung magtitiwala ba sila sa isa't isa at kung paano.

Basta sa ngayon, sigurado si Dennis na inalok niya ang trabaho kay Eloisa dahil naawa siya rito. She hurt him and broke his heart, but she didn't deserve what happened to her and her family.

Kahit paano ay may pinagsamahan naman sila. Imposibleng sa loob ng isang buwang araw-araw silang magkasama noon, eh wala ni isang sandali na totoong nakadama ito ng kahit kaunting affection para sa kanya. He was doing this for *that* girl, the girl who made him happy even for a short time, the girl who said she was sorry and had looked like she meant it.

Kung anuman ang nadama niya nang magkita sila ulit, reflex lang iyon dahil matagal silang hindi nagkita. Hindi ibig sabihin na attracted pa rin siya rito. He meant what he said that he didn't have any feelings for her anymore. At kung tanggapin nito ang trabaho, iyon ang panghahawakan ni Dennis. Wala siyang balak na ibalik ang nakaraan o na ipagpatuloy ang kung anumang naudlot sa pagitan nila. It took him years to get over her. He wasn't going to go through that again.

A decorative wreath frame made of intricate scrollwork and floral patterns, surrounding the text "CHAPTER 3".

CHAPTER 3

Tahimik pa sa opisina dahil mag-isa pa lang si Dennis doon kinabukasan. Madalas ay nauuna siya sa lahat ng mga empleyado niya. Morning person kasi talaga siya kahit pa may mga araw na gusto lang niyang nakahilata.

Gigising siya ng 4:30, derecho jogging, pagkatapos ay maliligo at magbibihis para pumasok. Nasa kabilang dulo lang naman ng block ang office building nila mula sa condo niya kaya madalas ay naglalakad lang siya papasok sa opisina.

Close to two years ago, he and his brothers decided to open their own business. They established an online company that matches employers with people who want to do freelance work. It only took them six months bago nila nabawi ang kapital nila. After only a year, salamat sa magkahalong sipag, tiyaga at suwerte, the three of them were already multimillionaires.

Lumaki na rin nang lumaki ang kompanya.

Mula sa kanilang tatlo at ilang computer at software engineers, nasa forty-two na ang mga empleyado nila. Mula sa kalahating floor sa building na ito, three floors na ang okupado nila ngayon. At tig-iisa na rin silang tatlo ng opisina.

Siya ang tumayong CEO by default dahil ayaw ng dalawa niyang kapatid. Ang ikalawa, si Aiden, ang namahala sa IT department nila.

Ipinagpapasalamat niya iyon hindi lang dahil magaling ang kapatid sa computers kundi dahil bawat araw na kasama nila si Aiden ay isang himala.

Ipinanganak ang kapatid niya na may butas sa puso at muntik nang mamatay noong isang taon kung hindi lang ito nakatanggap ng heart transplant. At bago pa noon, kinailangan ding magpagamot ni Aiden para sa depression nito na muntik mauwi sa trahedyang kung hindi lang ito humingi ng tulong kay Dennis.

He still watched his brother everyday and was glad that he was obviously healthy and happy now. Iyon lang ang gusto ni Dennis para rito.

Ang bunso nilang si Andrew, on the other hand, ay likas na masayahin at makulit, at genius pagdating sa pera. Bigyan mo ito ng piso sa umaga, pagdating ng hapon isang libong piso na iyon. Dennis was happy to leave the financial aspect of the company to him.

Si Andrew rin ang unang nag-request na kumuha na sila ng sekretarya dahil nahihirapan nang mag-isa si Aria sa workload nilang tatlo. Kailangan na

rin daw nila ng hiwalay na receptionist.

Hindi niya alam na magiging dahilan iyon ng pagkikita nilang muli ni Eloisa.

Nakatingin siya sa labas ng bintana. Dahil masyado nga siyang napaaga ngayon, may mga bituin pa sa langit. Agad nitong ipinaalala si Eloisa sa kanya na noong mga bata sila ay lagi niyang ina-associate sa mga bituin. Because she was his beautiful light.

Corny mo, 'ina.

But it had been true then.

Pinili na lang niyang matawa kaysa mainis sa kababawan niya noong bata siya. Ie-enjoy na lang niya ang pagpapalit ng kulay ng langit at ang pagsisimula ng bagong araw.

Nang tuluyan nang lumiwanag, saka bumaling sa computer si Dennis para magsimulang magtrabaho. Gusto niyang tapos na niya lahat bago pa dumating si Eloisa. Pakiramdam kasi niya, hindi siya makakatrabaho buong araw ngayon.

Nang kumatok si Aria para sabihing nasa labas na si Eloisa a few hours later, tumango lang siya pero nakahinga siya nang maluwap. Noon lang niya nalaman na natatakot pala siya na hindi ito sisipot.

Pinapasok ni Aria ang babae sa opisina niya saka isinara ang pinto. Tumayo si Dennis. Nag-aalangan ang ngiti ni Eloisa sa kanya na hindi niya agad naibalik. Na-realize kasi niyang parang mas maganda pa ito ngayon kaysa kahapon.

Simple lang ang ayos nito. Nakasuot ito ng

puting blouse, itim na paldang hanggang tuhod, at isang pares ng itim na heels. Naka-ponytail lang ang buhok nito at manipis ang makeup.

Naalala niyang mahilig itong mag-makeup noong high school sila. Mas gusto niya na wala o manipis lang ang makeup nito pero hindi niya iyon binanggit ni minsan sa dating nobya. Sinamahan kasi niya ito minsang mag-makeup shopping at nakita niya kung paano napapasaya ng makeup ang babae. He wasn't going to ruin it for her by telling her he liked her better without makeup.

Nang mabagal na nawala ang ngiti ni Eloisa, saka lang kumilos si Dennis. Lumapit siya rito. "Hi."

Muli itong nag-aalangang ngumiti. "Hi."

Giniya niya ito sa mesa saka pinaupo. Tapos naupo siya sa sariling silya. Kinuha niya ang folder kung saan naroon ang resumé nito kahit kabisado na niya ang laman niyon. Nang tingnan niya ang kaharap, nililibot ni Eloisa ang mga mata sa kabuoan ng opisina niya.

"You like it?"

Nagulat ito sa tanong niya pero agad namang nakabawi. "Yes," anito na tumatango. "It feels like you."

Hindi niya alam kung bakit pero lumukso ang kanyang puso sa sinabi nitong iyon.

"Thank you," aniya na may maliit na ngiti.

Tumungo siya sa resumé nito. Una siyang nagtuon sa bahagi kung saan nakasaad na hindi ito nagtapos ng kolehiyo. Two years lang ito sa college.

“May I ask why you didn’t finish your education?”

“Are you asking as a possible employer or as someone I went to school with?”

“Both,” he replied quietly, honestly.

Nag-iwas ng tingin si Eloisa. “My family ran into financial trouble. I’m sure you’ve heard about it.”

“Your father.”

Tumango si Eloisa. Huminga ito nang malalim at nakita niya kung paano nito kinailangang tatagan ang sarili para makasagot. “Long story short, ninakaw niya lahat ng pera ng mga nag-invest sa kanya saka sila tumakas ng kabit niya. Hanggang ngayon hindi namin alam kung nasaan siya.”

Nagkibit-balikat ang babae. “My mother had a heart attack and all our remaining money went into her hospital bills so we didn’t have any for our education. Isa pa, para na rin sa personal naming seguridad kasi maya’t maya kaming nakakakuha ng death threats ni Elaine. Some of my dad’s investors were our classmates’ families. And I was taking up *Management of Financial Institutions*. Sa palagay mo, may magtitiwala sa isang delos Santos na mamahala ng bangko nila? So, I didn’t see the point in pursuing that anymore.”

Alam ni Dennis na pinipilit lang ni Eloisa na palabasing hindi ito ganoon kaapektado sa nangyari, pero narinig niya ang pait at lungkot sa mga sinabi nito. Naisip lang niya kung gaano kahirap para kina Eloisa at Elaine ang nangyari.

“How’s your mother now?”

“She’s doing better. Nasa Bulacan siya, sa ate niya. Hindi namin siya maisama ni Elaine dito kasi mahirap...” Huminto ito. “Mas maaalagaan siya roon. Stress lang ang aabutin niya rito.”

“And what about your jobs?” curious niyang tanong.

Binilang ni Dennis ang nakalista sa resumé. Anim na trabaho iyon na pinasukan nito sa loob ng limang taon. Tig-a-anim na buwan ang itinagal ng babae sa mga kompanya which told him na lahat ng mga iyon ay contractual. May saleslady sa department store, cashier, waitress, taga-load ng ticket ng *MRT*—which he was really curious about—at iyon ngang assistant sa parlor at attendant sa isang Internet shop.

“Bakit hindi ka mag-apply sa malalaking kompanya?”

“Hindi ako matanggap kasi undergrad ako. At n’ung nag-apply ako sa isang call center, pinapunta nila ako d’un for an interview kasi gusto akong makilala ng HR head nila dahil nabiktima ng tatay ko iyong nanay niya. Same with other companies. A lot of the big ones are owned by my classmates’ parents or are ran by my classmates themselves. Gaya nito. Hindi ko alam na ikaw pala ang CEO ng *ZenWorks*.”

“Kung alam mo ba na ako, hindi mo itutuloy iyong pag-apply mo?”

“Oo,” amin ni Eloisa saka siya tiningnan. “Hindi ko kasi alam kung paano ka haharapin.”

“Pero nandito ka ngayon.”

“Kasi nga kailangan ko ng trabaho,” anito. “As simple as that.”


Saglit silang natahimik bago tumikhim. “All right. Well.” Inayos niya muli ang mga papel sa folder ng files ng babae. “Alam mo naman na iyong suweldo saka mga benefits na kasama sa pagtatrabaho rito. Kung okay iyong terms sa ‘yo, how soon can you start?”

Huminga nang malalim si Eloisa saka ngumiti ng isang ngiting mas lalong nagpatingkad sa ganda nito dahil sa tuwa sa ekspresyon ng babae.

Stars, hindi sinasadyang manghang maisip ni Dennis. Stars still appear when she smiles.

“Bukas na kung okay sa ‘yo,” sabi nito na puno ng emosyon ang boses. “And Den—Sir? Thank you.”

He couldn’t help but smile back. “You’re welcome.”

A decorative wreath frame made of intricate, symmetrical scrollwork and floral patterns. The frame is oval-shaped and encloses the text "CHAPTER 4".

CHAPTER 4

Patagong umiyak si Eloisa sa banyo ng opisina matapos ang interview na iyon. At bago siya umuwi, dumaan siya sa turo-turo at bumili ng hindi isa kundi dalawang magkaibang ulam—beef steak at chicken barbecue—para mag-celebrate sila ni Elaine.

Pumasok rin siya sa parlor ni Mama Kiss para sabihin dito ang magandang balita, at imbes na pagtrabahuhin siya dahil last day na niya, binigyan siya nito ng libreng makeover package para i-congratulate siya sa bagong trabaho. Ito mismo ang nagbigay sa kanya ng bagong hairstyle at hot oil treatment habang may dalawang technician na nagma-manicure at pedicure sa kanya.

May pabaon pa ito sa kanyang bago at mamahaling makeup kit na kumpleto mula primer hanggang setting spray, saka siya mahigpit na niyakap at sinabing magtatampo ito kapag hindi siya doon magpapagupit kahit pa mayaman na siya.

Iyak-tawa ang ginawa ni Eloisa pero nangako siya na walang ibang hair dresser o stylist na makakahawak ng buhok niya.

At kinabukasan, maaga siyang nagising, bumangon at gumayak. Masaya, excited, at puno ng magkahalong kaba at pag-asa na hinarap niya ang unang araw ng future niya.

Dumating si Eloisa sa opisina bago mag-alas ocho. Bukas na ang mga ilaw sa loob at nakaupo na sa reception desk si Miss Aria. Nagbabasa ang babae sa computer screen habang hinihipan ang kape sa hawak nitong mug. Nagliwanag ang mukha nito nang makita siya sa likod ng glass doors at pinindot ang remote sa station nito para mabuksan niya ang pinto.

“Good morning!” bati ng babae.

“Good morning po, Miss Aria.”

Natawa ito. “Naku, huwag mo na akong i-miss! Kahit Aria na lang po.” Tumayo ang babae. “Likayo. Nasa loob na si Sir.”

Natigilan si Eloisa. “Talaga? Ang aga naman niyang pumasok.”

“Gan’un po talaga ‘yun. Siya lagi ang nauuna rito.”

Kumatok si Aria sa pinto nang makarating sila sa opisina ni Dennis. “Sir, nandito na si Miss Eloisa,” anunsyo nito.

Sumilip siya sa loob at nagtama ang mga paningin nila ng lalaki. Mahiyain siyang ngumiti rito. Tinugon ni Dennis ang ngiti niya saka tumayo.

“Pasok ka muna,” aya nito saka tumango kay Aria nang magpaalam ang babae na babalik na sa mesa nito. Nag-aalangang pumasok ng opisina si Eloisa.

Hinila ni Dennis ang isang upuan para itabi iyon sa swivel chair nito. Kumurap sa pagtataka si Eloisa. Share ba sila ng mesa?

“Pasensya ka na, papagtrabahuhin kita agad,” simula nito. “May meeting kasi ako in fifteen minutes. Gusto kong kasama ka. Okay lang?”

Talaga bang nagpapaalam ito, eh ito ang boss? “Opo naman, Sir,” agad niyang sagot na lumalapit na sa mesa nito. *Kaya lang... bakit tabi tayo?*

“I-note down mo lang ang mga pag-uusapan. Okay lang kung hindi mo pa masundan. Ipapaalala ko mamaya kay Aiden na bigyan ka ng access sa shared drive para mapag-aralan mo iyong client files.”

“Eh, Sir?” tawag niya nang hawakan ni Dennis ang sandalan ng upuan habang hinihintay siyang maupo roon. Na-realize niya kung bakit sila magkatabi, at hindi iyon dahil bigla na lang nitong naisip na hindi ito mabubuhay nang malayo sa kanya. “Kailangan po bang makita ako sa camera?” tanong ni Eloisa na hindi naitago ang pagkabalisa dahil nakita niya ang webcam.

“Oo sana,” sagot ni Dennis. “Gusto rin kitang ipakilala sa investors para alam nila ang itsura mo. Minsan kasi ikaw ang haharap sa kanila.” Pinag-aralan nito ang ekspresyon niya pero kahit

sinubukan niyang itago ang panic, nahalata iyon ng lalaki.

Sinagot na n Eloisa ang tanong sa mga mata nito kahit hindi pa ito nagsasalita. “Baka po kasi makilala ako ng mga ka-meeting ninyo. Mamaya kilala po nila si Daddy.”

Hindi iyon naisip ni Eloisa nang tanggapin niya ang trabahong ito. Her name would always be tainted by her father’s crimes. Kung maging visible siya sa mga investors at kliyente nina Dennis, baka makaapekto pa siya sa kompanya.

Hindi nagsalita si Dennis kaya sinulyapan niya ito. Nakatingin lang ito sa kanya.

“Ang weird.”

“Ng alin po?” tanong ng dalaga.

“Na pino-po mo ako.”

“Boss kita.”

His lips quirked. “Yeah, but you don’t have to. Naaasiwa ako. Saka huwag mo na rin akong tawaging ‘sir.’ ‘Dennis’ na lang.”

“Sir Dennis?” Mas lalo pang naningkit ang singkit na nitong mga mata kaya napangiti na siya. “Joke lang po, Sir. Joke lang,” tawa na niya at ayan, lumabas na ang dimple ng lalaki. “Sige, Dennis na lang. Pero pag wala lang ibang tao sana. Siyempre mas maganda kapag may honorary kapag tinawag kita kasi boss kita.”

“All right.”

“At seryoso ako tungkol d’yan sa call,” paalala ni Eloisa. “I’d really rather not be in the video call with

you. Kahit sa isang sulok lang muna ako maupo.”

Bumuntong-hininga si Dennis pero pamilyar ang kilos na iyon ng lalaki. He used to do that too when they were together right before he gave in and gave her what she wanted.

“All right. Pero kailangan ka rin talaga nilang makilala. You’re going to have to talk to them, too.”

“Opo nga, pero pagbigyan mo na ako ngayon. Hindi pa lang talaga ako prepared. Para rin sa kapakanan ng *ZenWorks* ‘to, promise.”

“All right,” ulit nito.

Ngumiti si Eloisa. Noon, kapag nakuha niya ang gusto niya, lalapit siya rito at paliliguan ito ng halik hanggang sa mangiti si Dennis at yakapin na siya. Baka mamaya makalimot siya at paghahalikan din niya ito. First day na first day, makakasuhan siya kaagad ng acts of lasciviousness.

Inusog ni Dennis ang upuang para sa kanya patungo sa kabilang banda ng mesa kung saan hindi siya mahahagip ng camera. Ibinaba niya ang bag saka naupo sa silya.

“Hindi pa nakakapag-set up ng gamit mo si Aiden. May dala ka bang tablet or laptop?” tanong nito habang itinutulak ang upuan paharap para makaupo siya nang maayos.

“Wala po, Sir. Ay, sorry. Dennis pala. Wala po. Wala akong dala.”

Actually, wala siyang tablet o laptop. Kasama sa mga ibinenta nilang mag-iina noon ang mga *iPad* at *MacBook* nila.

Bumalik ito sa sarili nitong upuan at nagbukas ng isang drawer para kunin ang isang *iPad*. Inabot nito iyon sa kanya. “Gamitin mo muna ‘tong sa ‘kin. Ibibili na lang kita mamaya ng sarili mo.”

“Ibibili n’yo ako ng... sarili ko?”

Sinulyapan siya ni Dennis bago muling binalingan ang screen kung saan may binabasa na ito. “Oo, ng sarili mong tablet saka laptop.”

Hindi siya nakapagsalita kaagad. Natuwa kasi talaga siya. Matagal na kasi siyang walang gadget at di naman niya inaasahang may ganoong klaseng perks pala ang pagiging assistant ni Dennis! Muli siyang sinulyapan ng lalaki.

“O, bakit?” taka nitong tanong nang mapansing nakangiti siya rito.

Umiling si Eloisa at mabilis na tumungo pero hindi pa rin niya tuluyang naalis ang ngiti.



Matapos ang meeting, binalingan ni Dennis si Eloisa. “Kumusta?”

“Hmm?” distracted nitong tanong habang mabilis pa ring tumitipa sa screen ng tablet.

Di niya napigilan ang mapangiti. “Iyong meeting?”

“Ah, sorry,” anito pero hindi pa rin siya nito tinitingnan.

Pinagmasdan lang ni Dennis ang dalaga. May maliit itong kunot sa noo, tanda ng matindi nitong concentration at absorption sa ginagawa.

Ganoon din ito noon sa tuwing magkasama

silang nag-aaral. Normally, he'd move closer to kiss her forehead. Ngayon, hindi na normal kung gagawin niya iyon. Pero pinagmasdan pa rin niya ito.

Nang sabihin ni Eloisa kanina na wala itong dalang laptop, alam na niya agad na ang ibig nitong sabihin ay *wala* itong laptop. Noong high school, ito ang laging nangungunang magkaroon ng bagong gadget. Bago pa man lumabas ang pinakabagong *iPhone* sa local market eh naibili na ito ng daddy nito sa ibang bansa.

Hindi niya lubos maisip kung paano nakapag-adjust si Eloisa at ang kapatid nitong si Elaine sa ganoong klase ng pagbabago. Hindi naman mayabang ang babae o na kailangan ay ito ang laging mangunang magkaroon ng mga ganoong materyal na bagay, pero naisip pa rin ni Dennis na mahirap ang ganoong klase ng biglaang pagbabago.

Nanatili siyang hindi kumikilos hanggang sa may pinduting muli si Eloisa sa screen at umaliwalas na ang mukha nito.

“Sent na iyong minutes of the meeting sa email ninyo, Sir,” masayahin nitong anunsyo bago tumingin sa kanya pero mabilis din namang nawala ang ngiti nito nang mapansin ang ekspresyon niya. “Bakit po?”

Umiling si Dennis at nag-iwas ng tingin. Bigla siyang nagbukas-sara ng drawer para lang may gawin siya. Pati trash can sa ilalim ng kanyang mesa, sinilip niya sa pagkukunwaring abala siya.

“Wala. Halika na. Sa *Megamall* na lang tayo bumili ng laptop mo.”

Sabay silang tumayo. “Ano, Sir. Dennis... Nakakahiya kasi. Wala ba kayong lumang laptop na lang? Hindi ko naman kailangan ng bago.”

“Gagamitin mo naman ‘yun dito sa opisina kaya okay lang na bago na. Saka mas maganda na may sarili ka.”

Humakbang na si Dennis at sumenyas sa pinto ng opisina bago pa niya mailagay ang palad niya sa likod ng dalaga para igiya ito palabas. Ikinuyom niya ang mga kamay bago pa niya abutin si Eloisa.

Bakit ganito? Matapos ang sampung taon, wala pa silang dalawang oras magkasama, automatic nang kumilos ang katawan niya na para bang walang oras na lumipas sa pagitan nila. Ibang klase namang muscle memory ito!

Malamang naninibago lang si Dennis. Hindi naman siya batang walang impulse control. Isang buong araw lang na magkasama sila ulit ni Eloisa, malilinawan na siya at maaayos na niya ang bago nilang boundaries.



Paano kaya niya masisiguro na hindi lalampas sa sinasabi niyang boundaries iyong bango ng shampoo ni Eloisa pag magkasama sila? Iyon kasi ang unang-unang tumawid sa invisible lines na tinalaga ni Dennis.

Mahigpit ang hawak niya sa manibela ng SUV ni Aiden habang nagmamaneho papuntang

Megamall. Hiniram niya ang sasakyan ng kapatid kaysa paglakarin pa si Eloisa pauwi sa condo niya para kunin ang sarili niyang kotse.

Buti na lang at hindi siya pinahirapan ni Aiden. Kung wala kasi ang babae, katakut-takot pang kuwentuhan at mahaba pang negosasyon para mahiram niya ang sasakyan nito. Alaskador kasi ang kapatid pero gentleman naman. Iyon pa ang magagalit sa kanya kung paglakarin niya si Eloisa.

Ngayon, naisip niyang sana eh inihiram na lang niya ng flat shoes o tsinelas kay Aria ang babae dahil kung naglakad sila, hindi siya nababalot ng bango nito ngayon, at hindi niya bigla-bigla na lang na naiisip ang mga panahon na hindi lang bango nito ang nakabalot sa kanya.

Hindi. Naninibago lang si Dennis kasi magkasama na naman sila pero hindi na 'sila.' Biglaan kasi iyong paghihiwalay nila noon, eh. Siguro dahil biglaan din iyong muli nilang pagkikita kaya ganito siya. Sa madaling salita, hindi magandang nabibigla si Dennis.

Nanatili silang tahimik hanggang sa marating nila ang mall. Sumunod sa kanya ang babae papunta sa branch ng *Power Mac Center* sa fourth floor. Oo, puwede naman niya itong ibili ng ibang brand pero *Apple* din kasi ang paboritong brand ni Eloisa pagdating sa gadgets nito. Maliit na bagay na lang kay Dennis na ibigay iyon.

Lumapit siya sa isang attendant para magtanong kung ano ang mairerekomenda nitong laptop para

kay Eloisa pero napalinging siya sa babaeng naiwang nakatayo sa tapat ng displays ng mga tablets. The look on her face was that of quiet longing.

Siguro ay napansin nitong nakatingin siya kaya nag-angat ng mukha si Eloisa pagkatapos ay ngumiti sa kanya bago lumapit. Ikinuyom ni Dennis ang palad bago pa niya abutin ang kamay nito.

Nanatili sa mukha ng dalaga ang mga mata niya.

“Sir, bakit hindi na lang po *iMac* ang bilhin ninyo?”

Nilinging niya ang lalaki at saglit niyang hindi maalala kung sino ito at bakit siya nito kinakausap. Ipinilig ni Dennis ang ulo. “Ah, ano ‘yun? I’m sorry?”

Nagsimulang mapanuksong ngumiti ang lalaki. “*iMac*, Sir,” ulit nito. “Para desktop computer kung pang-opisina po.”

Umiling ulit si Dennis. “Hindi, mas maganda ang laptop para maiuwi niya.”

“Ah, sige, Sir,” sabi ng lalaki bago sila iginiya sa displays ng mga *MacBook*.

Twenty minutes later, na-swipe na ng kahera ang credit card ni Dennis at inaabot na ng attendant kay Eloisa ang paper bags na naglalaman ng bago nitong *MacBook* at *iPad*.

Napangiti siya sa tuwa sa mukha ng dalaga nang lumabas sila ng tindahan. Natawa ito nang mapansing nakatingin siya rito.

“Sorry. Natuwa lang ako. Alam ko namang hindi ‘to talaga akin pero na-miss ko lang din kasi iyong may magagamit akong laptop at tablet.”

Nakadama na naman siya ng awa na siguro ay naging halata sa mukha niya. Nawala ang ngiti ni Eloisa at napalitan iyon ng hiya.

“Huwag,” tahimik nitong sabi.

“Huwag ano?”

Muli siya nitong tiningala. “Huwag kang maawa sa ‘kin,” anito na seryoso na ang tinig. “I can’t.” Umiling ito. “I can’t take it.”

“I’m not,” ani Dennis pero kasinungalingan iyon dahil naawa naman talaga siya rito. Naalala lang din niyang may kataasan din ang pride ni Eloisa noon. She hated anyone feeling sorry for her for anything.

Binago na lang niya ang usapan. “Nagugutom ka na ba? I’ll treat you to lunch. Saan mo gustong kumain?”

“Huwag na, Sir,” sabi nito. “Nakakahiya naman po. Ako na lang po ang magbabayad ng lunch ko.”

‘Ayan na nga po.

“Hindi na. Ililibre na kita.”

Muli itong umiling. “Hindi naman po yata appropriate na magpalibre ako sa boss ko sa unang araw ng trabaho.”

“Consider it as a ‘welcome to the company’ lunch,” giit ni Dennis.

Sa huli, napapayag na niya ang dalaga pero nanatili itong tahimik. Mukhang nabawasan ang excitement nito sa pagbili niya ng mga gamit nito.

Hanggang sa pagbalik nila ng opisina, tahimik si Eloisa kahit pa kinakausap niya ito. Sumasagot

naman ang babae at ngumingiti, pero alam niyang nasira niya ang mood nito sa mall dahil nakita nitong naawa siya rito.

Pagpasok nila ng opisina, nakita nilang naroon na ang mesa ng dalaga sa labas ng opisina niya. May desktop computer na roon at dalawang desk phones.

Isinulat din ng IT tech ang mga passcodes ni Eloisa sa isang *Post-It*, saka ipinaalala sa babae na palitan ang mga iyon.

Nang tumawag si Dennis sa IT para manghingi ng tulong na i-set up ang bagong laptop ni Eloisa, si Aiden mismo ang umakyat. Tahimik siyang nanood habang nakikipagkuwentuhan at nakikipagtawanan ang dalaga sa kapatid niya.

Parang walang nagbago sa pakikitungo ng mga ito sa isa't isa. Kahit kasi noong high school, si Aiden ang Mr. Congeniality. Nagpasalamat din siya na hindi binanggit ni Aiden ang high school o ang palpak na nakaraan nina Dennis at Eloisa.

Nang hapon na iyon at oras na ng uwian, nagangat ng ulo si Dennis mula sa mga binabasang reports nang kumatok si Eloisa sa hamba ng pinto niya.

“Sir, kung wala na po kayong ipapagawa, mauuna na po akong umuwi,” sabi nito na may maliit na ngiti.

“Ah, wala na. Thank you.” Bago pa niya maisip ang ginagawa, tumayo na siya at lumapit dito. Ano naman ang gagawin niya? Bibigyan ito ng goodbye

kiss? Mapagtanong na tiningnan siya ni Eloisa kaya napilitan siyang magpaliwanag. “I’ll walk you to the elevators.”

“Oh, umm, okay po.”

“Kumusta ang first day mo?” tanong ni Dennis habang naglalakad sila.

Lumabas na naman ang ngiti ng babae. “It was awesome. Hindi pa po ako tapos magbasa ng mga investor profiles pero tatapusin ko na po bukas. And thank you po talaga. Thank you for this opportunity.”

Nagkibit-balikat si Dennis at namulsa. “You were qualified, and so far, you’re doing great. Alam ko namang kaya mo ‘tong trabaho.”

Pinagbukas niya ito ng pinto saka sila lumabas sa hallway papunta sa elevators. Noon niya napuna na maliit na shoulder bag lang ang dala ni Eloisa.

“Ba’t hindi mo dala iyong laptop mo?”

“Gamit naman ‘yun ng office, Sir. Iniwan ko sa pedestal ko.”

“I bought them for you,” paalala ni Dennis.

She smirked at him. “Again, gamit ng office, Sir. Dito ko lang po ‘yun gagamitin.”

Sumimangot na si Dennis. Had she also always been this stubborn?

“Kahit na. Sa ‘yo pa rin ‘yun. Kaya nga laptop at tablet ang binili ko para sa ‘yo, para madala mo. Magdala ka ng mas malaking bag bukas para hindi ka bumiyahe na may dalang *Apple Store*.”

He gave her a sharp look when she would have

protested. Nagsara na lang ito ng bibig at tumango.

Pinindot ni Dennis ang call button ng elevator, at ulit, nagulat silang dalawa nang sumakay din siya doon at sinamahan ito pababa ng building. Siya pa ang pumara ng *UV Express* para rito.

“Ingat ka. I’ll see you tomorrow.”

“Kayo rin. Umuwi na kayo. Late na.”


Kumaway siya saka isinara ang pinto matapos nitong makasakay, at pinanood pa niyang lumayo ang sasakyan bago siya muling kumilos para pumasok ng building.

Okay naman, di ba? Okay lang na magkasama silang muli? Ilang beses lang naman niya muntik malimutan na hindi na sila, na wala na sila.

Yeah, it was working. Bukas makalawa, mawawala na rin iyong impulses ng katawan niya na lumapit kay Eloisa para kunin ang kamay nito o kaya ay haplusin ang pisngi nito.

Sandali na lang. Konti na lang.

He hoped.

A decorative wreath frame made of intricate, symmetrical scrollwork and floral patterns, surrounding the chapter title.

CHAPTER 5

Iag-angat ng ulo si Dennis nang may anim na berdeng bote ng soju na biglang nag-landing sa ibabaw ng mesa niya. Patuloy niyang itinaas ang paningin hanggang sa mukha ng mga kapatid niya na nakatayo sa likuran ng mesa, pinagmamasdan siya. Kunot ang noo ni Andrew habang si Aiden naman ay nauna nang mamulutan. Nilalantakan na nito ang paborito nitong kimchi-flavored potato chips.

“Nalimutan ko bang mag-iinom tayo dapat ngayon?” tanong niya sa mga ito.

“Hindi,” ani Andrew na lumapit sa kanya, hinila palayo ng mesa ang upuan niya habang nakaupo pa siya roon, pagkatapos ay *sinave* nito ang document na tinatrabaho niya saka *shinutdown* ang computer niya bago pa siya makapagsalita.

Ibinaba ni Aiden ang mga bote sa kandungan niya kasama ng bag ng potato chips na kinakain nito, pagkatapos ay itinulak palabas ng opisina ang

upuan kung saan nakaupo pa rin siya.

Paglabas ng opisina niya, kinuha ni Aiden ang isa pang paper bag na nakapatong sa mesa ni Eloisa at inilagay din iyon sa kandungan niya. Sa loob niyon ay iba't-ibang chitchirya mula sa Korean grocery store na malapit sa opisina.

Nang itigil ni Aiden ang upuan malapit sa pinto, tumayo na siya na yakap ang mga pagkain at inumin. Kilala niya si Aiden. Kung kailangan, itutulak nito ang upuan niya hanggang sa parking lot.

“Anong meron?” tanong niya nang hilahin ni Aiden pabukas ang pinto. Sa likuran nila, pinapatay na ni Andrew ang mga ilaw.

“Si Ate Eloisa,” sabi ni Aiden.

Hindi na dapat siya nagtanong. Alam niyang si Eloisa ang dahilan kung bakit biglang nagplano ng Soju Session ang mga kapatid niya.

Soju Session ang tawag nila sa inuman sessions nilang mga Lee.

Noong kinse anyos si Aiden, nagpuslit ito ng isang boteng soju nang minsang pumunta silang magkakapatid kasama ang mga pinsan nila sa sapa sa farm sa Bulacan. Siyempre, bilang responsableng pinakamatanda, pinagalitan niya ito at sinabing hindi nito puwedeng inumin iyon.

Kuya, may sakit ako. Hindi ko alam kung gaano pa ako katagal mabubuhay. Gusto ko na subukan lahat ng puwede kong subukan habang may oras pa ako, sabi ng naluluhang kapatid.

Siyempre, binatukan niya ito. Iyon lagi ang

sinasabi ni Aiden kapag pinipigilan niya itong gumawa ng kalokohan. Pero dahil alam niyang totoo rin ang sinasabi ng kapatid, pinagbibigyan niya ito at siya na rin ang umaako sa parusa nito kung meron man.

Matapos batukan si Aiden, bumuntong-hininga siya, binuksan ang bote ng soju at uminom. Pagkatapos niyon ay pinatikim na rin niya sina Aiden at Andrew, pero binigyan lang niya ng baon nilang tetra pack ng chocolate drink ang tatlong mas batang mga pinsang sina Onew, Miro at Timothy.

Siyempre nagreklamo ang tatlo pero sa edad na twelve, ten, at seven, hindi niya ito puwedeng painumin ng alak kung ayaw niyang ipukpok sa kanya ng nanay ng mga ito ang bote niyon.

Sina Andrew at Aiden ang nakaubos ng soju. Hindi uminom si Dennis dahil kailangan niyang bantayan ang mga bata pero na-enjoy niya ang hapon na iyon.

Habang naglalaro sa pampang ng sapa sa ilalim ng mapagmatyag na mga mata ni Dennis sina Miro at Timothy, nagkuwentuhan silang mas nakatatanda sa ilalim ng puno. Nagsimula iyon sa kuwentong lasing na nauwi sa mga mas seryosong paksa gaya ng mga pangarap, mga sama ng loob, mga kinakatakutan.

Umuwi silang lahat na mas malapit sa isa't isa, at naging tradisyon na ang soju tuwing mag-iinom silang magkakasama.

Naglakad lang silang tatlo ngayon pauwi sa condo niya. Nagbibiruan ang mga kapatid pero di

nila binanggiti si Eloisa. Alam niyang mamaya pa magtatanong ang mga ito sa kanya kapag lango na sila sa soju.

Bukod pa sa mga Korean potato chips, mukhang namili rin ng isang buong baboy ang mga kapatid niya sa dami ng karneng inilabas ni Andrew mula sa dala nitong eco bag. Inihanda nilang tatlo ang mga lulutuin sa balkonahe niya, pagkatapos ay nagluto na si Andrew ng unli samgyupsal habang nakaabang silang dalawa ni Aiden, hawak ang mga chopsticks.

“So, okay na ba kayo ulit ni Ate Eloisa?” tanong ni Andrew nang makakuha silang lahat ng pagkain.

“Hindi ba kami okay?” patay-mali niyang tanong habang inaayos sa hawak niyang mangkok ang slices niya ng inihaw na pork belly.

Nagkibit-balikat si Andrew. “Sabagay, ten years ago na rin naman ‘yun. Malamang napatawad mo na siya.”

Nag-angat siya ng paningin sa gulat. Hindi niya ikinuwento sa mga kapatid ang nangyari sa pagitan nila ni Eloisa.

“Small school,” sabi ni Aiden habang ngumunguya. “Ikinuwento sa ‘kin ni Mel na kapatid ni Ate Kira na kabarkada ni Ate Joselle na nakarinig sa inyo n’ung prom n’yo.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Dennis. “Totoong tao ba ang mga ‘yan o imbento mo lang para may masabi kang nagsabi sa ‘yo?”

Tumawa si Aiden at kumuha pa ulit ng pork belly. “Totoo sila, ano ba? Di mo naaalala si Ate Joselle?”

Bumuntong-hininga siya. “Ba’t wala kayong sinabi sa ‘kin n’un?”

“Hinihintay namin na ikaw ang magsabi,” paliwanag ni Andrew na nagluluto na naman. “Kaya lang di ka naman umimik n’un. ‘Tapos tuwing tinatanong ka namin, nilalayasan mo kami. Kaya nagulat kami n’ung binigyan mo ng trabaho si Ate Eloisa.”

Siya naman ang nagkibit-balikat. “Kailangan niya ng trabaho.”

“Tiningnan ko iyong resume niya,” sabi ni Aiden. “Bakit di niya tinapos ang pag-aaral niya?”

Ikinuwento ni Aiden ang ikinuwento sa kanya ni Eloisa tungkol sa buhay nito noong kolehiyo hanggang sa mga kompanyang sinubukan nitong pasukan na pag-aari ng mga nabiktima ng ama nito.

“That’s rough,” ani Aiden.

“Tapos n’ung sa ‘tin siya pumasok, ikaw naman ang naging boss niya,” iling ni Andrew. “Malas.”

“Ba’t naman malas? Suwerte nga eh! Tingnan mo, may trabaho na siyang matino ngayon,” giit ni Aiden bago siya muling binalingan. “Paano ‘yan, Kuya? May feelings ka pa ba para sa kanya?”

Sinimangutan niya ang pork belly na nakaipit sa chopsticks niya. Hindi niya kasi alam ang isasagot.

“Itanong mo na lang ‘yan ulit mamaya, Kuya, pag may soju na siya sa sistema,” biro ni Andrew na nagsalin na rin ng soju sa isang baso para sa mga kuya nito.

Tinanggap niya ang baso pero kahit di pa siya

umiinom, sinagot na niya ang tanong ni Aiden.

“Ang totoo, inalok ko siya ng trabaho kasi naawa ako sa kanya.” Hindi na niya sinabing nakita niya kung paano ito magwalis sa parlor at mag-shampoo ng buhok ng mga customers doon o kung paano ito maglinis ng kuko ng may kuko.

“Saka ‘yun nga, may pinagsamahan din naman kami. Masipag siya, matalino. I didn’t see any reason not to hire her.”

“Di naman ‘yan ang tanong ko,” tawa ni Aiden.

Kumurap siya. “Di ko ba sinagot iyong tanong mo?”

“So ‘yun lang ‘yun, Kuya?” sabat ni Andrew. “Awa?”

“Oo.”

For now. Kung mabago ‘yun, kung madagdagan, kung hindi niya mapigilan iyong alam niyang nabubuhay sa dibdib at sikmura niya sa tuwing makikita si Eloisa, saka na niya haharapin kapag sigurado na niya.

Nagpatuloy sila sa pagkain pero alam na ng mga kapatid niyang iyon lang ang makukuha ng mga ito sa kanya tungkol kay Eloisa kaya napunta na sa kung saan-saan ang usapan nila.

Gaya noon, siya ang kaunti lang ang ininom para maalagaan ang dalawa niyang kapatid kapag lasing na ang mga ito. At nang maubos ang samgyupsal at potato chips, at nang wala nang laman ang mga bote ng soju, una niyang binuhat si Aiden paakyat sa guest bedroom, pagkatapos ay si Andrew na kumakanta

habang nakasandal sa kanya.

Naabutan nilang parang paruparong papalabas ng cocoon si Aiden sa kama habang sinusubukang hubarin ang pantalon kahit di pa nito tinatangal ang sinturon nito. Umikot ang mga mata ni Dennis pero natawa siya saka tinulungang maghubad ng mga sapatos, medyas, pantalon at polo ang mga kapatid.

At nang pareho nang naka-boxers na lang ang mga ito, naghahagikgikan at nag-iimbento ng mga lyrics para sa mga kantang di nila alam, kinumutan niya ang dalawa saka naglakad papunta sa pintuan. Pinatay niya ang ilaw saka siya lumabas ng silid at isinara ang pinto.

Bumalik siya sa balcony para magligpit. Puwede naman niyang iwan ang mga kalat nila at bukas na lang ayusin pero alam niyang hindi siya makakatulog kakaisip sa maruming mga pinggan at nagkalat na mga bote.

He had always had his brothers, had always taken care of them. Naisip niya kung ano kaya ang pakiramdam na hindi niya maalagaan ang mga ito gaya ng sigurado niyang minsang pinagdaanan ni Eloisa.

Bumalik ang awa niya pero sa likod niyon ay ang paghanga dahil sa kabila ng mga pinagdaanan, nakabangon si Eloisa. The world had humbled her but there was no bitterness, only stubborn strength.

Tapos akala niya kaya niyang pigilan iyong panunumbalik ng paghanga niya rito?

Umiling siya at pinilit kalimutan ang alaala ng magagandang mata at masayang ngiti ng isang babaeng alam niyang mas mabuti para sa kanya na iwan na lamang sa nakaraan.